## Ano ang Rape?

* Ang *rape* ay isang uri ng *sexual assault* o karahasan na seks ang ginagamit bilang sandata.

* Katambal ng *rape ang* paggamit ng puwersa o pananakot, at ang paglagos sa puwerta o anumang butas sa katawan gamit ang ari ng lalaki, daliri o anumang gamit laban sa gusto ng isang tao.

* Isa itong aksyon na pinagpaplanuhan at karaniwan pang ginagawa ng mga taong kilala ng mga ginahasa. Ang **marital rape** ay ang paggahasa ng isang asawa. Ang **date rape** o **acquaintance rape** ay nangyayari kapag ang isang tao ay ginahasa ng kanyang boy-friend o kaibigan.

### *Para sa kailangang tulong:*

Kumonsulta sa pinakamalapit na “Women and Children Protection Unit” ng Department of Health (DOH) Hospital.

### ANO ANG MAAARI MONG GAWIN PARA MAKATULONG SA BIKTIMA NG SEXUAL ASSAULT

- Maging maunawain at mapagsuporta sa halip na mahiya o labis na mabahala.
- Bigyang-galang ang damdamin ng biktima. Unawain na hindi niya kasalanan ang lahat na ito.
- Tulungan ang biktimang magbukas-loob ukol sa kanyang karanasan sa ibang taong may kaparehong karanasan.
- Samahan siyang kumuha ng impormasyon at iba pang kinakailangang tulong.
- Karapatan ng biktimang gumawa ng sarili niyang desisyon. Tulungan mo siyang magdesisyon ng maayos.

HINDI KAILANGANG MAGTIIS

Hatid sa inyo ng:

Women's Health and Development Program


Women's Health and Safe Motherhood Project (WHSMP)

SENTRONG SIGLA Health ang una!




# Sexual Assault

TAGALOG

# Kung ikaw ay naging biktima ng Sexual Assault o Rape…

## 1 Ipagsabi Mo

Hindi mo kasalanan na ikaw ay ginahasa, kaya hindi mo kailangang ikahiya ito. Tumungo sa isang ligtas na lugar at makipag-usap sa isang kapamilya o kaibigan na pinagkakatiwalaan mo.



## 2 Huwag Munang Maghugas o Maligo…

… kahit na gusto mo na kaagad maglinis ng katawan matapos ang *rape*. Maaaring may mga elemento na magagamit bilang ebidensiya laban sa iyong *rapist*, tulad ng semilya, buhok, dumi o dugo.



## 3 Itago Ang Iyong Mga Damit

Maaari kang magpalit ng damit matapos ang rape, pero itago mo ang dati mong suot sa isang plastic na supot. Maaari rin itong gamiting ebidensiya.

## 4 Magpatingin Sa Doktor, Nurse O Health Worker



## 5 Magpa-eksamen Ka

May mga medico-legal na doktor ang ilang ospital na gagawa ng *pelvic, oral* o *rectal* na pag-eksamen, depende kung paano ka ginahasa. Titignan rin nila kung may mga *internal injuries* ka. Gagamutin rin nila ang iyong mga sugat.



## 6 Isumbong Sa Pulis Ang Pangyayari

Marami-rami na ring presinto na mayroon nang *Women's Desks* para sa mga kasong ganito. Magpasama ka sa isang malapit na kaibigan o kamag-anak. Siguraduhin mong itatala ng pulis ang salaysay mo sa isang report. Alamin mo ang pangalan ng opisyal na tumugon sa iyo at ang numero ng kaso sa record book nila.



## 7 Isulat Mo Ang Pangyayari

Mahalagang isulat mo ang mga detalye ng pag-atake sa iyo, pati na rin ang mga nasaksihan ng iba. Makatutulong ito sa pag-testimonya mo sa korte.

